



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Aplikasyon ng Maagang Pagsisimula

Mga Sanggol at Maliliit na Batang wala pang 3 taong gulang

Impormasyon ng Bata:

Pangalan	Gitnang Pangalan	Apelyido
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
Petsa ng Kapanganakan	Edad (sa buwan)	Lugar ng Kapanganakan
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
Gustong Wika para sa Komunikasyon sa Regional Center		Kasarian (Kasariang itinakda sa kapanganakan)
<input type="text"/>		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae
Etnisidad		Iba Pang Wikang Sinasalita
<input type="text"/>		<input type="text"/>
Kung binago ang pangalan ng Bata, mangyaring ilaran ang nakaraang pangalan sa ibaba.		
Nakaraang Pangalan	Nakaraang Gitnang Pangalan	Nakaraang Apelyido
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>

Address ng Bata:

Sino ang kasama ng bata sa tirahan? Parehong Magulang Ina Lamang Ama Lamang
 Mga Kahaliling Magulang Iba pa

Kalye

Lungsod

Estado

Zip

Sino ang pangunahing legal na responsableng partido na maaaring makontak tungkol sa aplikasyon ng Bata?

Pangalan	Apelyido	Relasyon
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
Pangunahing Numero ng Telepono	Alternatibong Numero ng Telepono	E-mail Address
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
Mangyaring magbigay ng impormasyon tungkol sa indibidwal, ahensya o opisina na gumawa ng referral.		
Pangalan ng Ahensya / Kontak na Tao	Pangunahing Numero ng Telepono	E-mail
<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>

Nakatanggap na ba ang bata ng pagtatasa o mga serbisyo mula sa ibang Regional Center? Oo Hindi

Kung "Oo," mangyaring pangalanan ang Regional Center:

Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170
o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org

1-27-2022

Pg.
1/8



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Impormasyon ng Magulang 1:

Relasyon sa bata: _____

Pangalan	Gitnang Pangalan	Apelyido

Petsa ng Kapanganakan	Lugar ng Kapanganakan	Wika

Kalye

Lungsod	Estado	Zip

Numero ng Telepono

Pangalan ng Employer	Titulo sa Trabaho

May kapansanan Mayroon Wala **Namatay** Oo Hindi

Katayuang Sibil Kasal Diborsiyado/Diborsiyada Hiwalay Binata/Dalaga
 Biyudo/Biyuda

Impormasyon ng Magulang 2:

Relasyon sa bata: _____

Pangalan	Gitnang Pangalan	Apelyido

Petsa ng Kapanganakan	Lugar ng Kapanganakan	Wika

Kalye

Lungsod	Estado	Zip

Numero ng Telepono

Pangalan ng Employer	Titulo sa Trabaho

May kapansanan Mayroon Wala **Namatay** Oo Hindi

Katayuang Sibil Kasal Diborsiyado/Diborsiyada Hiwalay Binata/Dalaga
 Biyudo/Biyuda



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450

43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Medikal na Kasaysayan

Mangyaring ilarawan ang timbang ng kapanganakan, antas ng prematurity (kung mayroon man), mga komplikasyon sa kapanganakan, anumang mga medikal na kondisyon o diagnosis:

Nasa neonatal intensive care unit (NICU) ba ang bata? _____

Mangyaring ilarawan ang anumang kapansanan sa paningin/pandinig:

Kasaysayan ng Pag-unlad

Mangyaring ilarawan ang anumang mga alalahanin sa bata tungkol sa **pisikal na pag-unlad**:

Mangyaring ilarawan ang anumang mga alalahanin sa bata tungkol sa **pag-unlad ng wika**:

Mangyaring ilarawan ang anumang mga alalahanin sa bata tungkol sa **panlipunang pakikipag-ugnayan at/o pag-uugali**:



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Clinician Para sa Kahilingan sa Medikal na Rekord

Mangyaring ilagay ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa ospital ng kapanganakan ng bata o NICU, kasalukuyang manggagamot at/o iba pang medikal na espesyalista at pagkatapos ay mangyaring lagdaan ang kaukulang mga pahintulot upang makakuha ng mga kasalukuyang rekord.

A. Ospital ng Kapanganakan / Neonatal Intensive Care Unit (NICU)

Pangalan

Kalye

Lungsod

Estado

Zip

<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------	----------------------

Numero ng Telepono

B. Kasalukuyang Manggagamot

Pangalan

Kalye

Lungsod

Estado

Zip

<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------	----------------------

Numero ng Telepono

Espesyalidad

<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------

C. Iba Pang Manggagamot o Medikal na Espesyalista (halimbawa, Neurologist, Geneticist, Orthopedic Specialist)

Pangalan

Kalye

Lungsod

Estado

Zip

<input type="text"/>	<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------	----------------------

Numero ng Telepono

Espesyalidad

<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------

Impormasyon sa Insurance:

Medi-Cal

Pangalan ng Insurance

Numero ng Insurance Policy

<input type="text"/>	<input type="text"/>
----------------------	----------------------

MAHALAGA: Mangyaring magsumite ng kopya ng insurance card ng bata kasama ang iyong aplikasyon.

Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170
o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org

Pg.
4/8



North Los Angeles County Regional Center

Main 818-778-1900 • Fax 818-756-6140 | 9200 Oakdale Avenue #100, Chatsworth, CA 91311 | www.nlacrc.org

AWTORISASYON NA MAGSAGAWA NG PAGSUSURI SA MAAGANG PAGSISIMULA AT PAGPAPALABAS NG IMPORMASYON

Layunin: Ang layunin ng form na ito ay upang payagan ang North Los Angeles County Regional Center (“**NLACRC**”) na makakuha ng pahintulot na magsagawa ng pagsusuri sa pagiging kwalipikado ng iyong anak para sa Programa ng Maagang Pagsisimula ng California.

Saklaw: Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinapayagan mo ang NLACRC na isagawa ang pagsusuri sa Programa ng Maagang Pagsisimula na ito, na kinabibilangan ng pagtitipon at pagsusuri sa kalusugan ng iyong anak at iba pang impormasyon sa milestone sa pag-unlad (mula sa kapanganakan hanggang sa kasalukuyan) na maaaring magsama ng pakikipagtulungan sa isa o higit pang mga tagapagbigay ng serbisyong ibinebenta ng NLACRC upang suportahan ang NLACRC sa pagkumpleto ng pagsusuring ito.

Tungkol sa Pagsusuri: Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, sumasang-ayon kang malaman ng NLACRC ang tungkol sa at mangalap ng impormasyon tungkol sa pag-unlad ng iyong anak, na kinabibilangan ng paghiling ng mga rekord sa kalusugan mula sa mga third party, pakikipag-usap sa iyo tungkol sa mga milestone sa pag-unlad ng iyong anak, pagmamasid sa iyong anak sa bahay o iba pang mga katulad na kapaligiran, at pagsusuri sa medikal at/o iba pang mga katulad na rekord ng iyong anak. Makakatulong ang kolektibong impormasyong natipon sa NLACRC sa pagtukoy kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa Programa ng Maagang Pagsisimula ng California, at kung gayon, higit pang makakatulong sa amin na matukoy ang uri ng mga serbisyo ng maagang interbensyon na kinakailangan para sa iyong anak.

Ibig Sabihin ng Paglagda sa Ibaba: **Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka sa mga sumusunod:**

- Ang iyong nakasulat na pahintulot na gawin ang pagsusuring ito ay ganap na boluntaryo, may bisa sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsang ipinakita sa ibaba at maaaring bawiin anumang oras.
- Kinakailangan ng NLACRC ang iyong nakasulat na pahintulot upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa Maagang Pagsisimula.
- Makukumpleto kaagad ang pagsusuri sa Maagang Pagsisimula ng iyong anak at isasagawa sa pangunahing wika mo at ng iyong anak o piniling gustong wika.
- May karapatan kang suriin, siyasatin at humiling ng kopya ng mga rekord ng iyong anak.
- Ang lahat ng rekord na nakalap tungkol sa iyong anak ay mahigpit na pananatiliing kumpidensyal alinsunod sa HIPAA at iba pang naaangkop na mga batas sa pagkarpibado ng California.
- Kukumpletuhin ng NLACRC ang isang pagsusuri sa pag-unlad sa lahat ng limang (5) domain ng pag-unlad upang makatulong na matukoy kung ang iyong anak ay kwalipikado o patuloy na kwalipikado para sa mga serbisyo ng Maagang Interbensyon.
- Ilalabas ng NLACRC ang personal na makikilalang impormasyon tungkol sa iyong anak sa (mga) tagapagbigay ng serbisyong ibinebenta ng NLACRC para sa layunin ng pagsasagawa ng pagsusuri ng Maagang Pagsisimula. Kabilang sa impormasyong ito, ngunit hindi limitado sa, pangalan ng iyong anak, petsa ng kapanganakan, address ng tahanan, (mga) numero ng telepono, at iba pang katulad na impormasyon.

Pangalan ng Bata

Petsa ng Kapanganakan ng Bata

Pangalan ng Magulang / Legal na Tagapangalaga

Lagda ng Magulang / Legal na Tagapangalaga

Petsa

KARAGDAGANG PAHINTULOT NA ILABAS ANG IMPORMASYON NG AKING ANAK SA MGA PANGKARANIWANG MAPAGKUKUNAN

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinahihintulutan ko ang NLACRC na i-refer ang aking anak, ayon sa itinuturing na naaangkop ng NLACRC, sa isa o higit pang mga ahensya ng pangkaraniwang mapagkukunan para sa potensyal na tulong sa hinaharap sa (mga) kondisyon ng aking anak. Kasama sa mga ahensya ng pangkaraniwang mapagkukunang ito ang **Family Focus Resource Center**, **California Children Services**, at **Early Head Start**. Mangyaring tandaan na ang proseso ng referral na ito ay susunod sa lahat ng HIPAA at iba pang naaangkop na mga batas sa pagkarpibado ng Pederal at California.

Pangalan ng Magulang / Legal na Tagapangalaga

Petsa

Sinusuportahan mga taong may kapansanan sa pag-unlad sa San Fernando, Santa Clarita, at Antelope Valleys mula pa noong 1974

Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170 o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org

Pg. 5/8



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

AWTORISASYON PARA SA PAGPAPALABAS NG IMPORMASYON SA PAG-UNLAD AT EDUKASYON

Sa pamamagitan nito ay pinahihintulutan ko ang **NORTH LOS ANGELES COUNTY REGIONAL CENTER (NLACRC)** at/o ang mga itinalagang empleyado nito na maglabas ng protektadong impormasyon sa kalusugan, kabilang ang impormasyong medikal, pag-unlad at/o pang-edukasyon tulad ng ipinahiwatig sa ibaba upang tumulong sa pagpapalano ng paglipat sa lokal na ahensya ng edukasyon.

Mangyaring maglabas ng mga medikal na rekord at/o iba pang impormasyon tungkol kay:

Pangalan:	<input type="text"/>	Petsa ng Kapanganakan:	<input type="text"/>
UCI#:	<input type="text"/>		

Ilabas ang mga rekord sa:	<input type="text"/>	Bigyang-pansin:	<input type="text"/>
	<input type="text"/>		
	<input type="text"/>		

PAGBAWI

Maaaring bawiin ng mga nasa ibaba ang awtorisasyong ito anumang oras. Ang pagbawi ay dapat nakasulat, nilagdaan ng mga nasa ibaba, at inihatid sa NLACRC sa address sa itaas. Magiging epektibo ang nakasulat na pagbawi sa oras na matanggap, ngunit hindi magiging epektibo hangga't ang humihiling o iba pa ay kumilos nang umaasa sa awtorisasyong ito.

MULING PAGSISIWALAT

Ang NLACRC at maraming iba pang mga organisasyon at indibidwal ay kinakailangan ng batas na panatilihin kumpidensyal ang iyong impormasyon sa kalusugan. Kung pinahintulutan mo ang pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan sa isang taong hindi kinakailangang legal na panatilihin itong kumpidensyal, maaaring hindi na ito maprotektahan ng mga batas sa pagiging kompidensyal ng estado o pederal.

TAGAL

Magiging epektibo kaagad ang awtorisasyong ito at mananatiling may bisa hanggang _____ (ilagay ang petsa) o sa loob ng isang taon mula sa petsa ng lagda kung walang inilagay na petsa.

MAAARING KABILANG SA IMPORMASYONG ISISIWALAT ANG:

1. Personal na Makikilalang Impormasyon (pangalan ng bata, DOB, (mga pangalan ng magulang, address ng pamilya, at numero ng telepono)
2. Mga Pagsusuri at Pagtatasa sa Pag-unlad
3. IFSP (Individual Family Service Plan o Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya)
4. Sikolohikal na Pagsusuri

Iba pang kaugnay na impormasyon sa edukasyon:

Pinahihintulutan ko/namin ang NLACRC na magpadala ng impormasyon tungkol sa aking/aming anak sa Lokal na Ahensya ng Edukasyon (Local Education Agency, LEA) kabilang ang impormasyon sa pagsusuri at pagtatasa at mga kopya ng (mga) IFSP na ipinatupad upang matulungan ang LEA na malaman ang mga kinakailangang pagtatasa upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng IDEA Part B sa edad na 3.

Nauunawaan ko na ang awtorisasyong ito ay kusang-loob at maaaring bawiin anumang oras. Nauunawaan ko na mayroon akong karapatang alisin ang ilang partikular na rekord mula sa pagsisiwalat sa LEA.

May karapatan akong makatanggap ng kopya ng awtorisasyong ito para sa aking mga rekord. Ang kopya ng awtorisasyong ito ay kasing-bisa ng orihinal.

Lagda ng Konsyumer o Legal na Kinatawan ng Konsyumer

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Relasyon, kung nilagdaan ng ibang tao maliban sa konsyumer

**Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170
o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org**

**Pg.
6/8**



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

AWTORISASYON PARA SA PAGGAMIT AT/O PAGSISIWALAT NG MEDIKAL, PANG-EDUKASYON AT/O IBA PANG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Sa/Kay:

Bigyang-pansin:

Sa pamamagitan nito ay pinahihintulutan ko ang pinangalanang medikal na practitioner, ospital, klinika, pasilidad sa kalusugan ng isip, paaralan at/o mga itinalagang empleyado nito na ilabas ang protektadong impormasyon sa kalusugan at/o mga rekord ng edukasyon tulad ng ipinahiwatig sa ibaba

Mangyaring maglabas ng mga medikal na rekord at/o iba pang impormasyon tungkol kay:

Pangalan: Petsa ng Kapanganakan:

Ilabas ang medikal na impormasyon sa: NORTH LOS ANGELES COUNTY REGIONAL CENTER (NLACRC)

TAGAL

Magiging epektibo kaagad ang awtorisasyong ito at mananatiling may bisa hanggang _____ (ilagay ang petsa) o sa loob ng isang taon mula sa petsa ng lagda kung walang inilagay na petsa.

PAGBAWI

Maaaring bawiin ng mga nasa ibaba ang awtorisasyong ito anumang oras. Ang pagbawi ay dapat nakasulat, nilagdaan ng mga nasa ibaba, at inihatid sa NLACRC sa address sa itaas. Magiging epektibo ang nakasulat na pagbawi sa oras na matanggap, ngunit hindi magiging epektibo hangga't ang humihiling o iba pa ay kumilos nang umaasa sa awtorisasyong ito.

MULING PAGSISIWALAT

Hindi maaaring muling isiwalat ng NLACRC ang impormasyong nakuha sa ilalim ng awtorisasyong ito maliban kung ang karagdagang awtorisasyon ay nakuha o ang pagsisiwalat ay partikular na kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

TUKUYIN ANG MGA REKORD

Lagyan ng tsek ang kahon at inisyal ang uri ng impormasyong isisiwalat:

- Medikal na Impormasyon:** Mga Talaan ng Kapanganakan, Mga pagbisita sa opisina, mga pisikal na pagsusuri, mga pagtatasa sa pag-unlad, mga buod ng pagpasok at paglabas sa ospital.
- Mga Rekord na Pang-edukasyon**
- Psychiatric/Sikolohikal na Impormasyon:** pagsusuri sa kalusugang pangkaisipan at mga rekord ng paggamot, mga pagsusuri sa sikolohikal/psychiatric na diagnostic kabilang ang mga sheet ng marka ng pagsusuri.

Lagda _____

HIV, AIDS

Lagda _____

Iba pa (tukuyin)

Hinihiling ko na gamitin lamang ang impormasyong pangkalusugan na inilabas alinsunod sa awtorisasyong ito para sa mga sumusunod na layunin: Ang mga rekord na ito ay gagamitin ng NLACRC upang suriin at gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagiging kwalipikado at naaangkop na mga serbisyo para sa indibidwal na ito.

Nauunawaan ko na ang awtorisasyong ito ay kusang-loob. Ang paggamot, pagbabayad, pagpapatala o pagiging kuwalipikado para sa mga benepisyo ay maaaring hindi makondisyon sa paglagda ng awtorisasyong ito. May karapatan akong makatanggap ng kopya ng awtorisasyong ito para sa aking mga rekord. Ang kopya ng awtorisasyong ito ay kasing-bisa ng orihinal.

Lagda ng Konsyumer o Legal na Kinatawan ng Konsyumer

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Relasyon, kung nilagdaan ng ibang tao maliban sa konsyumer

Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170
o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org

Pg.
7/8



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900
25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450
43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

AWTORISASYON PARA SA PAGGAMIT AT/O PAGSISIWALAT NG MEDIKAL, PANG-EDUKASYON AT/O IBA PANG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Sa/Kay:

Bigyang-pansin:

Sa pamamagitan nito ay pinahihintulutan ko ang pinangalanang medikal na practitioner, ospital, klinika, pasilidad sa kalusugan ng isip, paaralan at/o mga itinalagang empleyado nito na ilabas ang protektadong impormasyon sa kalusugan at/o mga rekord ng edukasyon tulad ng ipinahiwatig sa ibaba

Mangyaring maglabas ng mga medikal na rekord at/o iba pang impormasyon tungkol kay:

Pangalan: Petsa ng Kapanganakan:

Ilabas ang medikal na impormasyon sa: NORTH LOS ANGELES COUNTY REGIONAL CENTER (NLACRC)

TAGAL

Magiging epektibo kaagad ang awtorisasyong ito at mananatiling may bisa hanggang _____ (ilagay ang petsa) o sa loob ng isang taon mula sa petsa ng lagda kung walang inilagay na petsa.

PAGBAWI

Maaaring bawiin ng mga nasa ibaba ang awtorisasyong ito anumang oras. Ang pagbawi ay dapat nakasulat, nilagdaan ng mga nasa ibaba, at inihatid sa NLACRC sa address sa itaas. Magiging epektibo ang nakasulat na pagbawi sa oras na matanggap, ngunit hindi magiging epektibo hangga't ang humihiling o iba pa ay kumilos nang umaasa sa awtorisasyong ito.

MULING PAGSISIWALAT

Hindi maaaring muling isiwalat ng NLACRC ang impormasyong nakuha sa ilalim ng awtorisasyong ito maliban kung ang karagdagang awtorisasyon ay nakuha o ang pagsisiwalat ay partikular na kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

TUKUYIN ANG MGA REKORD

Lagyan ng tsek ang kahon at inisyal ang uri ng impormasyong isisiwalat:

- Medikal na Impormasyon:** Mga Talaan ng Kapanganakan, Mga pagbisita sa opisina, mga pisikal na pagsusuri, mga pagtatasa sa pag-unlad, mga buod ng pagpasok at paglabas sa ospital.
- Mga Rekord na Pang-edukasyon**
- Psychiatric/Sikolohikal na Impormasyon:** pagsusuri sa kalusugang pangkaisipan at mga rekord ng paggamot, mga pagsusuri sa sikolohikal/psychiatric na diagnostic kabilang ang mga sheet ng marka ng pagsusuri.

Lagda _____

HIV, AIDS

Lagda _____

Iba pa (tukuyin)

Hinihiling ko na gamitin lamang ang impormasyong pangkalusugan na inilabas alinsunod sa awtorisasyong ito para sa mga sumusunod na layunin: Ang mga rekord na ito ay gagamitin ng NLACRC upang suriin at gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagiging kwalipikado at naaangkop na mga serbisyo para sa indibidwal na ito.

Nauunawaan ko na ang awtorisasyong ito ay kusang-loob. Ang paggamot, pagbabayad, pagpapatala o pagiging kuwalipikado para sa mga benepisyo ay maaaring hindi makondisyon sa paglagda ng awtorisasyong ito. May karapatan akong makatanggap ng kopya ng awtorisasyong ito para sa aking mga rekord. Ang kopya ng awtorisasyong ito ay kasing-bisa ng orihinal.

Lagda ng Konsyumer o Legal na Kinatawan ng Konsyumer

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Relasyon, kung nilagdaan ng ibang tao maliban sa konsyumer

Mangyaring kumpletuhin ang buong form at i-fax sa Intake Department (818) 756-6170
o isumite sa elektronikong paraan sa earlystartintake@nlacrc.org

Pg.
8/8



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450

43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

ABISO NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

ANG ABISO NA ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IYONG MEDIKAL NA IMPORMASYON AT KUNG PAANO KA MAKAKAKUHA NG AKSES SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING SURIIN ITO NANG MABUTI.

Ang North Los Angeles County Regional Center (NLACRC) ay inatasan ng batas upang mapanatili ang pagkapribado ng iyong Protektadong Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI). Ang PHI ay impormasyong kumikilanlan sa iyo sa anumang anyo (elektroniko, nakasulat, pasalita, atbp.) na nakolekta, nilikha, pinapanatili, o natanggap ng NLACRC na may kaugnayan sa iyong nakaraan, kasalukuyan o sa hinaharap na pisikal/mental na kalusugan o kondisyon. Inatasan kami ng batas na ibigay sa iyo, isang konsyumer ng NLACRC, ang "Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado" na nagpapaliwanag ng aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado tungkol sa iyong PHI. Inatasan din kaming sumunod sa mga tuntunin ng kasalukuyang bersyon ng Abisong ito. Sa Abisong ito, ang mga terminong "NLACRC", "kami", "kami", at "aming" ay tumutukoy sa North Los Angeles County Regional Center.

MAAARI NAMING GAMITIN AT ISIWALAT ANG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN TUNGKOL SA IYO NANG WALA ANG IYONG NAKASULAT NA PAHINTULOT SA MGA SUMUSUNOD NA SITWASYON:

Paggamot: Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI para sa probisyon, koordinasyon at/o pamamahala ng pangangalagang pangkalusugan at mga kaugnay na serbisyo. Halimbawa, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga tagapamahala ng kaso, manggagamot, tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, vendor, mga kasamahan sa negosyo, tagapag-alaga, pamilya at iba pang mga taong kasangkot sa pag-aalaga sa iyo, sa loob at labas ng NLACRC.

Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan: Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI para sa aming mga Operasyon. Halimbawa, ang mga aktibidad na kinasasangkutan, ngunit hindi limitado sa, pamamahala ng kaso, pagtatasa at pagpapabuti ng kalidad, pagpapagaan ng panganib, pangangasiwa ng mga ahensya ng estado at pederal, pag-audit, pagsasanay, at adbokasiya. Maaaring kabilang dito ang pagbabahagi ng iyong impormasyon sa California Department of Developmental Services (DDS), at iba pang mga regional center ng California kapag kinakailangan.

Pagbabayad: Maaari naming gamitin ang iyong PHI upang, halimbawa, matukoy ang aming responsibilidad na magbayad, o upang pahintulutan kaming maningil at mangolekta ng pagbabayad para sa mga serbisyon nauugnay sa paggamot at kalusugan na natanggap mo.

Mga Paalala at Abiso sa Appointment: Maaari kaming makipag-ugnay sa iyo tungkol sa mga appointment o magbigay sa iyo ng impormasyon na maaaring interesante sa iyo.

Mga Aktibidad sa Pamublikong Pangkalusugan: Maaari naming ibahagi ang iyong PHI para sa Mga Aktibidad sa Pamublikong Pangkalusugan, halimbawa, kapag nauugnay sa pag-iwas sa sakit, pinsala o kapansanan; para sa pagsubaybay at pag-monitor sa ilang mga produktong medikal.

Mga Pamamaraang Panghukuman: Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa mga Pamamaraang Panghukuman, halimbawa, bilang bahagi ng isang administratibong pagdinig, bilang tugon sa isang utos ng isang korte, o isang subpoena.

Pagpapatupad ng Batas: Maaari naming ibahagi ang iyong PHI sa Mga Ahensya sa Pagpapatupad ng Batas, halimbawa, upang tumugon sa isang search warrant o mag-ulat ng isang krimen.

Pananaliksik: Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa pananaliksik na inaprubahan ng NLACRC at isang Institutional Review Board, isang komite na responsable, sa ilalim ng batas, para sa pagsusuri at pag-apruba ng pananaliksik upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga kalahok at ang pagiging kumpidensyal ng PHI. Ang pakikilahok sa anumang naturang pananaliksik ay maaari ring mangailangan ng iyong partikular na awtorisasyon.

Malubhang Banta sa Kalusugan o Kaligtasan o Tulong sa Sakuna: Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong PHI upang maiwasan ang malubhang/ nalalapit na banta sa kalusugan at kaligtasan ng iyong o ng ibang tao.

Pambansang Seguridad: Maaari naming ibahagi ang PHI sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa katalinuhan, at iba pang mga aktibidad sa pambansang seguridad na pinahintulutan ng Batas.

Mga Coroner, Medikal na Tagasuri, Direktor sa Paglibing at Donasyon ng Organ: Maaari naming ibahagi ang iyong PHI sa mga ahensyang ito, ayon sa naaangkop ng batas, upang pahintulutan ang mga indibidwal na ito na isagawa ang kanilang mga opisyal na tungkulin; halimbawa, upang makilala ang isang namatay na tao.

Mga Institusyong Pagwawasto: Kung ikaw ay nasa ilalim ng kustodiya sa pagpapatupad ng batas, maaari naming ibahagi ang iyong PHI sa mga institusyong pagwawasto o pagpapatupad ng batas, kung kinakailangan, para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

Tulad ng Ipinag-uutos ng Batas: Ibabahagi namin ang iyong PHI kapag kinakailangan ng batas.

Mangyaring Panatilihin Para sa Iyong Mga Rekord.

IBA PANG GAMIT NG PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Ang iba pang paggamit at pagsisiwalat ng Protektadong Impormasyon sa Kalusugan na hindi saklaw ng abisong ito o ng mga batas na nalalapat sa amin ay gagawin lamang sa iyong nakasulat na pahintulot. Ang pahintulot na ibinibigay mo sa amin na gamitin o isiwalat ang iyong PHI ay maaaring bawiin sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras. Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, ititigil ang anumang karagdagang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI para sa mga layuning saklaw ng iyong nakasulat na awtorisasyon. Nauunawaan mo na hindi namin maibabalik ang anumang mga pagsisiwalat na ginawa namin sa iyong pahintulot, at kinakailangan naming panatilihin ang aming mga rekord ng pangangalaga na ibinigay namin sa iyo. Mayroong mas mahigpit na mga kinakailangan para sa paggamit at pagsisiwalat ng ilang uri ng PHI, halimbawa, mga rekord tungkol sa HIV/AIDS, kalusugan ng isip, paggamot sa droga at alkohol. Ang ganitong uri ng impormasyon ay maaari lamang ilabas alinsunod sa mga mas mahigpit na batas.



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450

43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

KABILANG SA IYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN (PROTECTED HEALTH INFORMATION, PHI) ANG:

Karapatang Suriin at Kopyahin ang iyong Mga Rekord May karapatan kang humiling nang nakasulat upang siyasatin at kopyahin ang iyong PHI sa mga itinalagang hanay ng rekord. Kung tatanggihan namin ang isang kahilingan, gagawin namin ito sa pamamagitan ng pagsulat na nagbibigay ng aming mga dahilan at may karapatan kang suriin ang desisyong iyon.

Karapatan na Humiling ng Mga Pag-amyenda sa iyong Mga Rekord Kung sa palagay mo na ang iyong PHI ay hindi tama o hindi kumpleto, may karapatan kang hilingin sa pamamagitan ng pagsulat na baguhin namin ito, na nagsasaad kung bakit dapat naming gawin ang pagwawasto o pagdaragdag. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, gagawin namin ito sa pamamagitan ng pagsulat na nagbibigay ng aming mga dahilan, at maaari kang maghain ng nakasulat na pahayag ng hindi pagkakasundo.

Karapatang Humiling ng Mga Paghihigpit May karapatan kang humiling sa pagsulat ng paghihigpit o limitasyon sa aming paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI. Maaari mong hilingin na ang iyong PHI ay hindi ibahagi sa iba, tulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Gayunpaman, ayon sa batas, hindi namin kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan.

Karapatang Humiling ng Mga Kumpidensyal na Komunikasyon May karapatan kang humiling sa pamamagitan ng pagsulat na makipag-ugnayan kami sa iyo sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na makipag-ugnayan lamang kami sa iyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo. Kapag makatuwiran o ayon sa batas naming sinasang-ayunan ang iyong kahilingan, gagawin namin.

Karapatan sa Pag-account ng Mga Pagsisiwalat May karapatan kang humiling sa pagsulat ng isang pag-account ng aming mga pagsisiwalat ng iyong PHI hanggang sa 6 na taon bago ang iyong kahilingan, ngunit hindi para sa mga pagsisiwalat na ginawa bago ang Abril 14, 2003. Hindi kasama sa pag-account ang mga pagsisiwalat upang maisagawa ang Paggamot, Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pagbabayad, Pangkalahatang Abiso, Pagpapatupad ng Batas, Pambansang Seguridad, at sa Mga Institusyong Pagwawasto pati na rin ang Ipinag-uutos ng Batas. Bukod pa rito, hindi kasama sa pag-account ang mga pagsisiwalat kung saan ang NLACRC ay may nilagdaang awtorisasyon, mga pagsisiwalat sa iyo, iyong tagapagbigay ng pangangalaga, o mga taong kumikilos sa iyong ngalan.

Karapatan sa Isang Papel na Kopya ng Abisong Ito May karapatan kang makatanggap ng isang papel na kopya ng Abisong ito kapag hiniling anumang oras. Maaaring i-download ang mga kopya mula sa www.nlacrc.org, na ibinigay ng resepsyon sa alinman sa aming mga opisina, o sa pamamagitan ng iyong tagapamahala ng kaso.

MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang Abisong ito at ang aming mga kasanayan sa pagkapribado anumang oras, hangga't naayon ang pagbabago sa batas ng estado at pederal. Ang anumang binagong Abiso ay ilalapat kapwa sa PHI na mayroon na kami tungkol sa iyo sa oras ng pagbabago, at anumang PHI na nilikha o natanggap pagkatapos magkabisa ang pagbabago. Ang isang kopya ng kasalukuyang Abiso ay ipapaskil sa lahat ng opisina ng NLACRC sa isang malinaw at kilalang lokasyon. Kung babaguhin namin ang aming Abiso, maaari kang makakuha ng kopya ng binagong Abiso mula sa web site ng NLACRC, resepsyon, o iyong tagapamahala ng kaso.

MGA TANONG/REKLAMO Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Abisong ito o aming mga kasanayan sa pagkapribado, o kung nagsusulat ka tungkol sa iyong PHI, kabilang ang mga kahilingan para sa mga paghihigpit sa paggamit o pagsisiwalat nito, o upang gumawa ng reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa pagkapribado, mangyaring sumulat sa NLACRC, Attn: HIPAA Privacy Officer, 9200 Oakdale Ave. Suite 100, Chatsworth, CA 91311 o tumawag sa 818-778-1900. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari mo ring abisuhan ang Secretary ng Department of Health and Human Services (HHS). Hindi ka parurusahan para sa paghahain ng reklamo.



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450

43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Pagprotekta sa Pagiging Kumpidensyal ng Iyong Anak: Ano ang Kailangan Mong Malaman sa Paunang at Taunang Abiso

Bago masuri ang isang bata para sa mga serbisyo sa programa ng Maagang Pagsisimula at kahit isang beses sa taon pagkatapos nito, kinakailangan naming sabihin sa iyo sa pagsulat kung anong impormasyon ang kinokolekta namin tungkol sa iyong pamilya at sa iyong anak, at kung ano ang ginagawa namin upang matiyak na ang impormasyong ito ay pinananatiling kumpidensyal. Ang sumusunod na impormasyon ay napakahalaga sa iyong pamilya.

Anong impormasyon ang itinatago namin sa file na maaaring magamit upang makilala ang iyong anak?

Pinapanatili namin ang file na "personal na makikilalang" impormasyon, tulad ng buong pangalan ng bata, mga pangalan ng magulang, address ng bata, numero ng Social Security o iba pang mga personal na pagkakakilanlan, at impormasyon na may kaugnayan sa diagnosis ng bata, kasarian, etnisidad, atbp.

Saan kami kukuha ng impormasyon tungkol sa iyong anak?

Ang impormasyon ay nakolekta mula sa mga tao o ahensya na nagsangguni sa iyong anak para sa mga serbisyo ng Maagang Pagsisimula at mula sa iyo, ang magulang. Sa iyong nakasulat na pahintulot, ang impormasyon ay kinokolekta din mula sa ibang mga tao/ahensya na nakakakilala sa iyong anak. Ang mga taong ito ay maaaring magsama ng mga manggagamot, guro, manggagawa sa lipunan at mga espesyalista mula sa mga ospital, Regional Center, paaralan, atbp.

Paano namin ginagamit ang impormasyong mayroon kami tungkol sa iyong anak?

Ginagamit namin ang impormasyon upang matukoy kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng Maagang Pagsisimula. Kung ang iyong anak ay kwalipikado, ginagamit namin ang impormasyon upang matulungan ang mga serbisyo sa pagpapalano. Kung ang iyong anak ay hindi kwalipikado ngayon, ang impormasyon ay maiimbak para sa posibleng pangangailangan sa hinaharap o muling referral para sa mga serbisyo bago mag-tatlong taong gulang ang iyong anak.

Anong Impormasyon ang ginagamit namin upang masuri ang iyong anak at upang bumuo ng Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya (Individual Family Services Plan, IFSP)?

Ang isang pangkat ng mga propesyonal mula sa maraming mga disiplina at ikaw, ang magulang, ay gumagamit ng impormasyon mula sa maraming mga mapagkukunan upang masuri ang iyong anak at upang bumuo ng IFSP. Ang mga medikal na rekord at mga ulat sa katayuan sa kalusugan, impormasyong nakuha mula sa mga obserbasyon sa pag-unlad ng iyong anak, ulat ng magulang at mga panayam, at mga pamantayang pagsusulit o instrumento ay maaaring gamitin.

Saan namin itinatago ang impormasyon tungkol sa iyong anak?

Ang impormasyon tungkol sa iyong anak ay itatago sa istasyon ng trabaho ng tagapag-ugnay ng serbisyo ng iyong anak o sa isang sentralisadong silid ng file.

Ang lahat ng personal na makikilalang impormasyon ay pinananatili sa mga kabinet, silid ng file o computer file na pinangangasiwaan ng mga tauhang sinanay sa pagpapanatili ng kumpidensyal na impormasyon.

Gaano katagal namin pinapanatili ang impormasyon tungkol sa iyong anak at kailan namin ito sisirain?

Ang mga ahensya ng publiko ay dapat ipagbigay-alam sa magulang kapag ang personal na makikilalang impormasyon ay hindi na kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyo sa edukasyon sa bata. Ang personal na makikilalang impormasyon sa isang batang may kapansanan ay maaaring mapanatili nang permanente maliban kung hiniling ng magulang na ito ay sirain. Kung hihilingin ng mga magulang na sirain ang impormasyon, maaaring panatilihin ng ahensya ng edukasyon ang impormasyon tulad ng pangalan, address, numero ng telepono at mga taon ng programa ng iyong anak. Dapat malaman ng mga magulang na ang mga rekord ay maaaring kailanganin ng bata o ng mga magulang para sa mga benepisyo ng Social Security o iba pang mga layunin.

Kailan namin ibibigay ang impormasyon sa iba?

Ang impormasyon ay hindi ilalabas sa isang third party nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Dapat naming panatilihin ang isang nakasulat na rekord na tumutukoy sa kung kanino ibinahagi ang impormasyon tungkol sa iyong anak (maliban sa iyo o sa mga empleyado ng ahensya ng edukasyon o Regional Center).

Anong mga karapatan ang kailangan ng mga magulang upang makita ang impormasyon tungkol sa kanilang anak?

Ang mga rekord tungkol sa iyong anak o iyong pamilya ay dapat gawing available para sa iyo upang siyasin nang hindi lalampas sa 5 araw ng trabaho pagkatapos mong gawin ang kahilingan (maliban kung mayroong isang utos ng korte o iba pang dokumentong partikular na binawi ang iyong mga karapatan). Ang mga paliwanag at interpretasyon ng mga rekord ay dapat ibigay kung hihilingin mo.

Mangyaring Panatilihin Para sa Iyong Mga Rekord.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa aking mga karapatan?

Puwede mong tanungin palagi ang iyong tagapag-ugnay ng serbisyo para sa higit pang impormasyon. Ang karagdagang impormasyon ay ibinigay sa iyo tungkol sa Mga Karapatan ng Magulang sa form ng Maagang Pagsisimula. Kabilang sa mga pangunahing mapagkukunan ang: Title 34 Code of Federal Regulations Family Education Rights & Privacy Act of 1974, Title 20 of the United States Code, at mga regulasyon sa Maagang Pagsisimula ng California.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga rekord ng iyong anak, pakitanong ang iyong tagapag-ugnay ng serbisyo.

NLACRC - Maagang Pagsisimula (na-update - 11/9/10)



North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Avenue, Suite 100, Chatsworth, CA 91311 - (818) 778-1900

25360 Magic Mountain Parkway, Suite 150, Santa Clarita, CA 91355 - (661) 775-8450

43850 10th Street West, Lancaster, CA 93534 - (661) 945-6761

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Mga Magulang sa Programa ng Maagang Pagsisimula Paunang at Taunang Abiso

Pagsusuri at Paunang Pagtatasa

Ang pagiging kwalipikado para sa Programa ng Maagang Pagsisimula ay natutukoy sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga nauugnay na rekord, impormasyong nakuha mula sa pagmamasiid at ulat ng magulang, at isang pagsusuri na pinangangasiwaan ng mga kwalipikadong tauhan. Kung ang inyong anak ay natukoy na kwalipikado, mayroon kayong karapatan sa naaangkop na mga serbisyo ng maagang interbensyon. May karapatan kang magbigay ng impormasyon sa buong proseso at hinihikayat na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon ng iyong anak. Tinitiyak ng mga pamamaraan ng pangangalaga na ang mga bata at ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga ay binibigyan ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas.

Bilang isang magulang o tagapag-alaga, mayroon kang karapatan na:

1. Mabigyan ng pagkakataong simulan ang proseso ng pagsusuri at paunang pagtatasa.
2. Sa loob ng 45 araw pagkatapos ng referral sa iyong anak sa isang Regional Center o isang lokal na ahensya ng edukasyon, ang mga aktibidad ng pagsusuri at pagtatasa ay dapat makumpleto at dapat maganap ang isang pulong ng Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya (Individual Family Service Place, IFSP) upang bumuo ng IFSP.
3. Suriin ang mga pamamaraan at mga pagsusuri na ginamit sa pagtatasa at pagsusuri.
4. Magbigay ng nakasulat na pahintulot bago ibigay ang anumang mga pagsusuri o pagtatasa at tanggihan ang anumang mga pagsusuri, pagtatasa at mga serbisyo ng maagang interbensyon.

5. Maging ganap na alam ang mga resulta ng mga pagsusuri at pagtatasa.
6. Magkaroon ng access sa mga rekord, kabilang ang karapatang suriin at makakuha ng mga kopya ng mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak, at karapatang humiling ng pagbabago sa mga rekord ng anumang kalahok na ahensya na may kaugnayan sa iyong anak.
7. Magkaroon ng isang tagapagtuguyod na tutulong sa iyo sa pagharap sa sistema ng maagang interbensyon, kabilang ang Regional Center at mga lokal na ahensya ng edukasyon.
8. Makakuha ng mga independiyenteng pagtatasa at pagsusuri.
9. Magkaroon ng lahat ng personal na makikilalang impormasyon na pinananatili sa isang kumpidensyal na paraan.
10. Humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig upang hamunin ang mga natuklasan ng anumang mga pagsusuri o pagtatasa.
11. Dumalo sa isang pagpupulong upang bumuo ng isang IFSP sa loob ng 45 araw mula sa referral.

Ang pagsusuri ay nangangahulugan ng mga pamamaraan na ginamit ng naaangkop, kwalipikadong tauhan upang matukoy ang pauna at patuloy na pagiging kwalipikado ng iyong anak para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon sa ilalim ng Programa ng Maagang Pagsisimula. Kinakailangan ng mga pamamaraang ito na:

1. Ang mga materyales sa pagsusuri at pagtatasa ay pinangangasiwaan sa katutubong wika ng magulang/pamilya ng bata o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban kung malinaw na hindi ito magagawa.

2. Ang mga pamamaraan at materyales sa pagsusuri at pagtatasa ay pinipili at pinangangasiwaan upang hindi maging diskriminasyon ayon sa lahi, kasarian, kultura, o kondisyong may kapansanan.
3. Ang mga materyales sa pagsusuri at pagtatasa ay dapat na angkop para sa mga tiyak na layunin kung saan ginagamit ang mga ito.
4. Ang mga pagsusuri at pagtatasa ay isinasagawa ng mga kwalipikadong tauhan.
5. Ang mga pagsusuri o pagtatasa na ibinibigay sa mga indibidwal na may kilalang kapansanan sa paningin, pandinig, o komunikasyon ay dapat piliin upang tumpak na ipakita ang kakayahan o antas ng tagumpay ng indibidwal, alinmang salik ang paksa ng pagsukat.
6. Ang mga materyales sa pagsusuri at pagtatasa ay dapat na idinisenyo upang masuri ang mga tiyak na lugar ng pag-unlad at/o mga pangangailangan sa edukasyon at hindi idinisenyo upang magbigay lamang ng pagsukat sa intelligence quotient.

Ang mga pagtatasa at pagsusuri ay pinangangasiwaan sa limang lugar ng pag-unlad, kabilang ang, kung naaangkop, kalusugan at pag-unlad, paningin, pandinig, mga kakayahan sa paggalaw, mga function ng wika, at sosyal at emosyonal na katayuan.

Mangyaring Panatilihin Para sa Iyong Mga Rekord.

Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya (Individualized Family Service Plan, IFSP)

Kung ang iyong anak ay natukoy na kwalipikado para sa maagang interbensyon, ang isang pagpupulong upang bumuo ng iyong IFSP ay dapat maganap sa loob ng 45 araw mula sa iyong referral sa isang Regional Center o isang lokal na ahensya ng edukasyon. Mayroon kayong sumusunod na karapatan sa pagbuo at pagpapatupad ng IFSP.

Ang karapatan na:

1. Dumalo sa pulong at lumahok sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado at pagbuo ng IFSP.
2. Hilingin ang pagdalo ng ibang miyembro ng pamilya.
3. Hilingin ang pagdalo at pakikilahok ng isang tagapagtaguyod sa pulong ng IFSP.
4. Magkaroon ng mga nilalaman ng IFSP na ganap na ipinaliwanag sa iyong katutubong wika.
5. Magbigay ng partikular na pahintulot sa bawat serbisyong nakalista sa IFSP. Kung hindi ka magbibigay ng pahintulot sa isang serbisyo, hindi ito ibibigay. Maaari mong bawiin ang pahintulot pagkatapos mong inisyal na makatanggap ng serbisyo.
6. Magbigay ng pagsang-ayon sa isang pagtatasa ng iyong mga mapagkukunan, mga prayoridad, at mga alalahanin tungkol sa pagpapahusay ng pag-unlad ng iyong anak.
7. Maabisuhan sa iyong katutubong wika at nang maaga, bago imungkahi o tanggihan ng isang ahensya o tagapagbigay ng serbisyo na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, pagtatasa, o paglalagay ng edukasyon ng iyong anak, o pagbibigay ng naaangkop na mga serbisyo sa maagang interbensyon sa iyong anak o sa iyong pamilya.

Magpahintulot sa pagpapadala ng impormasyon tungkol sa iyong anak sa lokal na ahensya ng edukasyon sa panahon ng paglipat sa mga serbisyo sa ilalim ng Part B ng IDEA.

Mga Administratibong Pamamaraan

Ang mga magulang ay maaaring maghain ng mga nakasulat na reklamo tungkol sa pagsusuri, pagtatasa, paglalagay, o mga isyu sa probisyon ng serbisyo na inilarawan sa itaas. May karapatan ang sinumang mga magulang na kasangkot sa isang administratibong resolusyon ng isang reklamo na:

1. Masamahan at mapayuhan ng abugado at ng mga indibidwal na may espesyal na pagsasanay tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga batang wala pang tatlong taong gulang.
2. Magpakita ng ebidensya at harapin, suriing mabuti, at pilitin ang pagdalo ng mga saksi.
3. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa paglilitis na hindi isiniwalat sa iyo ng hindi bababa sa limang araw bago magsimula ang paglilitis.
4. Kumuha ng isang nakasulat o elektronikong verbatim na transkripsyon ng paglilitis.
5. Kumuha ng nakasulat na mga natuklasan ng mga katotohanan at mga desisyon sa loob ng 30 araw mula sa petsa na inihain ang reklamo.
6. Magkaroon ng lahat ng personal na makikilalang impormasyon na pinananatili sa isang kumpidensyal na paraan.
7. Hilingin na ang paglilitis ay isinasagawa sa isang pagkakataon at sa isang lokasyon na makatwirang maginhawa para sa iyo.
8. Magdala ng sibil na aksyon sa kabilang partido sa reklamo pagkatapos makumpleto ang mga paglilitis.

Mga Reklamo ng Maagang Pagsisimula

Kung ang isang Regional Center, lokal na ahensya ng edukasyon o pribadong tagapagbigay ng serbisyo ay lumalabag sa isang batas o regulasyon ng pederal o estado na namamahala sa pagkaloob ng mga serbisyo ng maagang interbensyon, may karapatan kang maghain ng reklamo nang direkta sa Department of Developmental Services sa sumusunod na address:

Department of Developmental Services

Office of Human Rights Attention:
Early Start Complaint Unit
1600 9th Street, Room 240, MS2-15
Sacramento, California 95814

Ang reklamo ay dapat nakasulat at kasama ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo
- Isang pahayag na ang isang Regional Center, lokal na ahensya ng edukasyon o tagapagbigay ng serbisyo ay lumabag sa isang batas ng pederal o estado na namamahala sa pagkaloob ng mga serbisyo ng maagang interbensyon
- Pahayag ng mga katotohanan kung saan nakabase ang paratang
- Ang umano'y responsableng partido
- Paglalarawan ng mga boluntaryong hakbang na ginawa sa lokal na antas upang malutas ang reklamo, kung mayroon

North Los Angeles County Regional Center

9200 Oakdale Ave., Suite 100
Chatsworth, CA 91311
(818) 778-1900

43850 10th Street West
Lancaster, CA 93535
(661) 945-6761

25360 Magic Mountain
Parkway Suite 150
Santa Clarita, CA 91355
(661) 775-8450

Kung hindi ka nakarehistro para bumoto kung saan ka nakatira ngayon, nais mo bang mag-apply upang magrehistro upang bumoto dito ngayon?

(Lagyan ng Tsek ang Isa)

- Nakarehistro na. Ako ay nakarehistro upang bumoto sa aking kasalukuyang tirahan.
- Oo. Gusto kong magparehistro upang bumoto. (Pakipunan ang nakalakip na form sa pagpaparehistro ng botante.)
- Hindi. Ayaw kong magparehistro upang bumoto.

TANDAAN: KUNG HINDI KA MAG-TSEK NG KAHON, IKOKONSIDERA KA NA HINDI NA MAGPAREHISTRO SA PAGBOTO SA PANAHONG ITO. MAAARI MONG KUNIN ANG NAKALAKIP NA FORM SA PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE UPANG MAGPAREHISTRO SA IYONG KAGINHAWAHAN.

Pangalan ng Aplikante

Petsa

Mga Mahalagang Abiso

1. Ang pag-apply upang magparehistro o pagtanggap magparehistro upang bumoto ay **hindi** makakaapekto sa halaga ng tulong na ibibigay sa iyo ng ahensyang ito.
2. Kung nais mo ng tulong sa pagsagot ng form ng pagpaparehistro ng botante, tutulungan ka namin. Ang desisyon kung humingi o tumanggap ng tulong ay nasa iyo. Maaari mong punan ang form ng pagpaparehistro ng botante nang pribado.
3. Kung naniniwala kang may nakialam sa iyong karapatang magparehistro o tumanggi na magparehistro para bumoto, ang iyong karapatan sa pagkapribado sa pagpapasya kung magparehistro o sa pag-apply upang magparehistro upang bumoto, o ang iyong karapatang pumili ng iyong sariling kagustuhan sa pampulitikang partido oiba pang kagustuhan sa pulitika, maaari kang maghain ng reklamo sa Secretary of State sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free (800) 345-VOTE (8683) o maaari kang sumulat sa: Secretary of State, 1500 - 11th Street, Sacramento, CA, 95814. Para sa higit pang impormasyon sa mga halalan at pagboto, mangyaring bisitahin ang website ng Secretary of State sa www.sos.ca.gov.

01/13 Form ng Kagustuhan sa Botante ng NVRA